Kapistahan ng Pagbibinyag sa Panginoon|Kaisa ng Mga Makasalanan para sa Kanilang Kaligtasan

LiturgyFun! Taon K

www.katolago.com
www.fb.com/katolago

Lucas 3:15-16. 21-22 Noong panahong iyon: Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng Mesiyas at ang akala ng marami'y si Juan ang kanilang hinihintay. Kaya't sinabi ni Juan sa kanila, "Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa sa akin, at ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak."

Nabinyagan na noon ang lahat ng tao, gayun din si Hesus. Nang siya'y nananalangin, nabuksan ang langit at bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati. At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, "Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Panuto: Sa Ebanghelyo ngayon, na nakalarawan sa ibaba, ay matatagpuan ang tatlong persona ng Diyos. Isulat ang angkop na letra ayon sa tamang persona ng Diyos. Kulayan ang larawan.

A - Diyos Ama B - Diyos Anak C - Diyos Espiritu Santo

Pagnilayan: Ano ang aking kahinaan sa pagsasabuhay ng mga pangako sa aking binyag?